Mensahe Lima

# Ang Bunga ng Lupain ng Canaan
# at
# ang Intrinsikong Kahulugan ng Paglalaan ng bahagi ng Mabuting Lupain

Babasahin sa Kasulatan: Jos. 5:12; 13:1—22:34; Col. 1:12; Gawa 26:18

**I. Pagkatapos pumasok ng mga anak ni Israel sa lupain ng Canaan, tumigil ang manna; wala nang manna, subalit kumain sila ng bunga ng lupain ng Canaan—Jos. 5:12:**

A. Ang pagtigil ng manna nang magsimulang kumain ang bayan ng bunga ng lupain ay nagpapahiwatig na ang bunga ng lupain ay ang pagpapatuloy ng manna.

B. Ang manna na kinain ng Israel sa paggala nila sa ilang (Exo. 16) ay sumasagisag kay Kristo bilang makalangit na pagkain na direktang ibinigay ng Diyos sa Kanyang piniling bayan, na hindi humihiling ng pagpapagal sa panig ng mga kumakain.

C. Ang mayamang bunga ng ipinangakong lupa na ibinigay ng Diyos sa Israel sa kanilang pakikipaglaban sa Canaan ay sumasagisag kay Kristo bilang napasukdol na panustos-buhay na ibinigay sa mga mananampalataya, na humihiling sa kanila na magpagal sa Kanya—Deut. 8:7-10:

1. Gaya ng inilarawan sa tipolohiya rito, pagkatapos angkinin si Kristo bilang lupain, kailangan tayong magpagal sa Kanya upang magbunga ng isang bagay mula sa Kanya na magiging ating pagkain, ating panustos-buhay.
2. Habang kinakain natin si Kristo at tinatamasa Siya bilang bunga ng mabuting lupain, tayo ay nabubuuan Niya, ginagawang katulad ni Kristo sa buhay, kalikasan, at kahayagan—Juan 6:57; Fil. 1:19-21a.
3. Sa katapusan, ang ating pagtatamasa kay Kristo bilang ating mana, ating pag-aari, ay bubuo sa atin upang maging mana ng Diyos, kayamanan at pag-aari ng Diyos—Efe. 1:11-14, 18b; cf. Exo. 19:5.

D. Naranasan ng bayan ng Israel ang tatlong yugto ng pagkain sa Ehipto, ilang, at mabuting lupain:

1. Sa Ehipto ang bayan ng Israel ay kumain ng kordero ng paskua—12:3, 8-9:
    a. Kung paanong ang inihaw na laman ng kordero ng paskua ay kailangang kainin para sa panustos-buhay, kung gayon ay kailangan nating kainin si Kristo para sa ating panustos-buhay—bb. 8-10; Juan 6:53, 55-57:
        1) Upang lutasin ang suliranin ng pagkatisod ng tao at upang isakatuparan ang orihinal na intensiyon ng Diyos, kapwa ang buhay at ang pagtutubos ay kailangan.
        2) Ang pambatas na pagtutubos ng Diyos sa pamamagitan ng dugo ni Kristo ay ang pamamaraan upang maabot ang gol ng Diyos ng pamamahagi ng Kristo bilang buhay tungo sa atin para sa ating organikong kaligtasan—Roma 5:10.
    b. Ang mga anak ni Israel ay kailangang kainin ang kordero ng paskua kasama ang ulo, mga paa, at mga panloob na bahagi nito—Exo. 12:9:
        1) Ang ulo ay sumasagisag sa karunungan, ang mga paa ay sumasagisag sa aktibidad at pagkilos, at ang mga panloob na bahagi ay sumasagisag sa mga panloob na bahagi ng katauhan ni Kristo, kasama ang Kanyang pag-iisip, damdamin, pagpapasya, at puso kalakip ang lahat ng pangsyon ng mga ito.

        2) Ang pagkain sa kordero ng paskua kasama ang ulo, mga paa, at mga panloob na bahagi ay sumasagisag sa pagkuha kay Kristo sa Kanyang kabuuan kasama ang Kanyang karunungan, ang Kanyang aktibidad at pagkilos, at ang Kanyang mga panloob na bahagi—Juan 6:57; 1 Cor. 1:24; Apoc. 14:4b; Fil. 1:8.

2. Sa ilang ang bayan ng Israel ay kumain ng manna —Exo. 16:14-16, 31; Bil. 11:7:
    a. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng manna upang kainin ng Kanyang bayan, ipinahiwatig ng Diyos na ang Kanyang intensiyon ay upang palitan ang kanilang pagkakabuo sa pamamagitan ng pagpapalit ng kanilang diyeta—Exo. 16:14-15:
        1) Sa pangalan, ang mga anak ni Israel ay hindi mga Ehipcio, subalit sa kalikasan at sa pagkakabuo ay hindi sila naiiba ni katiting sa mga Ehipcio—b. 3.
        2) Ang pang-Ehipciong diyeta ay nagsasaad ng lahat ng bagay na ating ninanais na kainin upang makasumpong ng kasiyahan—Bil. 11:4-6.
    b. Ninais ng Diyos na kalimutan ng Kanyang tinubos na bayan ang pang-Ehipciong diyeta at bumahagi sa makalangit na pagkain—Deut. 8:3:
        1) Mas maraming manna ang kinakain natin, mas tumutugma tayo sa Diyos, napagkikilanlang kasama Niya, at namumuhay at lumalakad ayon sa kung ano Siya.
        2) Ang pinakanakatutulong sa atin sa pang-araw-araw na pamumuhay natin kasama ang Panginoon ay ang pagkain kay Kristo bilang makalangit na pagkain; sa pamamagitan ng pagkain kay Kristo, tayo ay nagiging Kristo; yaon ay, si Kristo ay nagiging pagkakabuo natin—Juan 6:56-58.
3. Sa Canaan ang bayan ng Israel ay kumain ng bunga ng mabuting lupain—Jos. 5:11-12:
    a. Sa ikatlong yugto ng pagkain, kumain sila ng mayamang panustos ng mabuting lupain, na bumuo sa kanila nang higit pa upang maging isang nananaig na bayan.
    b. Ang mabuting lupain ay isang lupain ng trigo, sebada, mga puno ng ubas, mga puno ng igos, mga granada, mga puno ng olibo na may langis, at pulot, na pawang sumasagisag sa di-malirip na kayamanan ni Kristo—Deut. 8:8; Efe. 3:8.
    c. Sa pamamagitan ng pagtatamasa sa kayamanan ng mabuting lupain, nilipol ng bayan ng Israel ang mga lipi sa lupain, itinatag ang kaharian ng Diyos, at itinayo ang templo bilang pinananahanang lugar ng Diyos sa lupa—Jos. 5:11-12.
4. Ang tatlong yugtong ito ay sumasagisag sa tatlong yugto ng pagtatamasa kay Kristo ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng pagkain sa Kanya—Juan 6:51-57; 1 Cor. 5:7-8; 10:3-4; Fil. 1:19:
    a. Sa pamamagitan ng kanilang pagkain sa unang dalawang yugto, ang mga mananampalataya ay napalalakas upang lisanin ang sanlibutan at nabubuuan ng Kristo bilang makalangit na elemento—Juan 6:51-57; 1 Cor. 5:7-8; 10:3-4.
    b. Upang maabot ang gol ng ekonomiya ng Diyos, kailangan tayong sumulong hanggang makapasok tayo sa pinakamataaas na yugto ng pagkain kay Kristo bilang mayamang bunga ng mabuting lupain nang sa gayon ay madaig natin ang mga espiritwal na kaaway, maitayo upang maging pinananahanang lugar ng Diyos, at maitatag ang kaharian ng Diyos sa lupa.

c. Habang kinakain natin si Kristo bilang bunga ng mabuting lupain, tayo ay nabubuuan Niya at ginagawang katulad ni Kristo sa buhay, kalikasan, at kahayagan para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo—Efe. 4:16.

**II. Ang intrinsikong kahulugan ng paglalaan ng bahagi ng mabuting lupain ay yaong nararanasan natin, mga nagmamay-ari ng lupain, ang isang Kristo sa iba't ibang paraan—Jos. 13:1—22:34:**

A. Sa loob ng ekonomiya ng Diyos ay mayroong tinatawag na paglalaan ng bahagi ng lupain—Col. 1:12.

B. Pagkatapos angkinin ni Josue ang lupain, inatasan siya ng Diyos na maglaan ng bahagi ng lupaing naangkin at maging ang lupain na hindi pa naangkin, sapagkat sa mga mata ng Diyos ang buong lupain ay para sa Israel—Jos. 13:6:

1. Sa Kanyang karunungan, hindi inilaan ng Diyos ang mabuting lupain bilang kabuuan sa lahat ng anak ni Israel; sa halip, Kanyang inilaan ang lupaing iyon, yaon ay, si Kristo, sa iba't ibang lipi—b. 7.
2. Sapagkat ang mga lipi ay magkakaiba, hindi maibibigay ng Diyos sa parehong paraan ang parehong lupain sa bawat lipi.
3. Lahat ng lipi ay mga nagmamay-ari ng lupain, subalit ang mga lipi ay nagmamay-ari ng mga partikular na bahagi ng lupain ayon sa kung ano sila—bb. 6-20; 18:1—19:27.
4. Ang katuparan ng sagisag na ito ng paglalaan ng bahagi ng lupain ay nasa kalagitnaan natin ngayon—Col. 1:12:
    a. Tayong lahat ay may parehong Kristo, ngunit nararanasan natin si Kristo sa iba't ibang paraan—1 Cor. 1:2.
    b. Ang lupain (si Kristo) na ating inaangkin ay ayon sa kung ano tayo—Roma 12:3; Efe. 4:7.

C. Sa Colosas 1:12 ay ginagamit ni Pablo ang konsepto ng nagpapaloob ng lahat na lupain, nagsasalita ng "inilaang bahagi ng mga banal":

1. Ang Griyegong salita na isinaling "bahagi" ay maaari ding isaling "parte," tumutukoy sa isang paglalaan ng bahagi.
2. Nang isinusulat ni Pablo ang Liham sa mga taga-Colosas, nasa isip niya ang larawan ng paglalaan ng bahagi ng mabuting lupain sa mga anak ni Israel; ginamit niya ang salitang *bahagi* sa talâ ng lupain sa Lumang Tipang bilang kaligiran—Jos. 14:2:
    a. Sa Colosas ay inihayag si Kristo bilang ating bahagi, ang ating parte—1:15-19; 2:6-15.
    b. Kung paanong ang lupain ng Canaan ay lahat-lahat sa mga anak ni Israel, kung gayon si Kristo, ang realidad ng sagisag ng mabuting lupain, ay lahat-lahat sa atin—1:12.
3. Si Kristo bilang nangingibabaw at nagpapaloob ng lahat na Isa ay ang nakalaang bahagi ng mga banal—b. 12.
4. Ang nakalaang bahagi ng mga Bagong Tipang mananampalataya ay hindi isang pisikal na lupain; ito ay ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay—2:6-7; Gal. 3:14:
    a. Ang kayamanan ng mabuting lupain ay sumasagisag sa di-malirip na kayamanan ni Kristo sa iba't ibang aspekto bilang masaganang panustos sa

Kanyang mga mananampalataya sa Kanyang Espiritu—Deut. 8:7-10; Efe. 3:8; Fil. 1:19.

   b. Sa pamamagitan ng pagtatamasa ng kayamanan ng lupain, ang mga mananampalataya kay Kristo ay itinatayo upang maging Kanyang Katawan bilang bahay ng Diyos at kaharian ng Diyos—Efe. 1:22-23; 2:21-22; 1 Tim. 3:15; Mat. 16:18-19; Roma 14:17.

D. Tinutukoy ni Pablo sa Mga Gawa 26:18 ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ating mana:

1. Bilang resulta ng pagkakabukas na ating mga mata at ng pagkakalipat mula sa awtoridad ni Satanas tungo sa Diyos, hindi lamang tayo nagkaroon ng kapatawaran ng mga kasalanan, bagkus natanggap din natin ang isang dibinong mana.
2. Ang manang ito ay ang Tres-unong Diyos Mismo kalakip ang lahat ng taglay Niya, lahat ng ginawa Niya, at lahat ng gagawin Niya para sa Kanyang tinubos na bayan; ang Tres-unong Diyos na ito ay naisakatawan sa nagpapaloob ng lahat na Kristo, na siyang bahaging inilaan sa mga banal bilang kanilang mana—Col. 2:9.
3. Ang mabuting lupain ay totoong isang sagisag ng nagpapaloob ng lahat na Kristo, ang pagsasakatawan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, na ibinigay sa atin bilang ating mana—1:12.

*© 2021 Living Stream Ministry*